

Hindi napigilan ni Ellie ang mapanganga sa narinig mula sa lalaking nagsalita habang pini-fill-out-an niya ang ang kapirasong papel sa library ng unibersidad na pinapasukan.

Nag-angat siya ng paningin at sa unang pagkakataon ay napansin ang hitsura ng kausap. He was a very good-looking guy, wearing stiff collar polo and eyeglasses.

For a moment, naisip niyang nagpipilit itong magmukhang mature. Yet, failing.

Sa kabila ng pormal na pananamit at seryosong ekspresyon ng mukha, hindi pa rin maikakailang estudyante ito roon, hindi librarian.

Mas matanda lang ito ng dalawa o tatlong taon sa edad niyang dici-nueve. Rason ba iyon para magmayabang ito sa kanya at sitahin siya?

“Excuse me?” Sa wakas ay nagawang lumabas sa bibig ni Ellie ang dalawang kataga. Ang isang kamay ay tumigil sa pagpi-fill out ng form ng libro na hihiramin niya sana. Humigpit ang hawak niya sa aklat.

“Ang sabi ko, Ma’am, tampered po itong I.D. n’yo at kailangan kong i-confiscate,” ulit ng lalaki. His voice was so smooth. Too smooth na nagpangalit sa mga ngipin ni Ellie sa galit.

Naramdaman niya ang pagkurot ng pinsan niyang si Megan sa kanyang tagiliran, na para bang sinasabi na mag-behave siya.

Hindi niya ito pinansin. Sandali siyang pumikit, pagkuwan ay pinilit ang sariling ngumiti. She knew the effect it has on men. Her smile never failed her. Siguradong matataranta rin ang kaharap kapag lumabas ang biloy niya sa kaliwang pisngi.

“Alam mo kasi,” aniya sa mahinang boses, “noong enrollment, katatapos ko lang magkaroon ng chicken pox. At alam mo naman ang patakaran dito sa university, dito ka mismo kukunan ng I.D. picture on the day of the enrollment, so can you imagine how I must have looked on that picture?” Ang mga mata niya ay biglang nagpaawa. “Mayroon akong tatlong malalaki at maiitim na pekas dito sa noo ko, although they were gone now. Anyway, halos di ko makilala ang sarili ko—”

“So you took an old picture,” putol ng lalaki sa sinasabi niya at sinuri ang hawak na I.D. niya, “idinikit mo rito at saka mo ipina-laminate uli?”

“Exactly.” Lalong lumuwang ang kanyang pagkakangiti.

Tinanggal ng lalaki ang eyeglasses na suot at ipinatong sa desk saka siya muling tiningnan nang seryoso. Sa ibang pagkakataon, marahil nahugot ni Ellie ang hininga at nakipagtitigan dito. They were deep and liquid brown. Why was he concealing them behind his glasses?

“I’ll confiscate this, Miss Balmores. Para mapalitan

na rin ng untampered I.D. card.”

Her temper snapped. Ang librong hawak ay ibinagsak niya sa desk.

Her show would have been effective. Binalak niyang takutin ang lalaki ng galit niya, since hindi ito makuha sa pakiusap. She was sure it would have worked, kung hindi lang sa buwisit na mga salamin nito!

Ngayon ay basag-basag iyon sa kanilang harapan dahil binagsakan niya ng libro.

Lahat ng naroon ay nakatingin na sa kanila. Mula sa isang panig ng kanyang mga mata ay nakita niya ang papalapat na librarian, si Mrs. Acop.

Si Megan ay dahan-dahang humakbang palayo mula sa kanya.

Lumikot ang mga mata ni Ellie. Maraming exits sa library; ang tanong ay paano niya mararating ang mga iyon in a matter of seconds?

I'm doomed, anang isipan ng dalaga.



Her Tito Herman had never been so angry at her. Paanong hindi? Ito ang presidente ng unibersidad. Ayaw nitong isipin ng iba na kinukunsinti siya sa kanyang mga aksyon.

Temporary lang ang pag-i-stay niya rito sa Baguio with her uncle and his family. Nauna kasi sa States ang parents niya na pinetisyon ng kanyang Kuya Greg.

Nagdesisyon sila na tapusin niya ang college dito bago sumunod doon, tutal mas mapapadali nga naman ang pag-graduate niya. So ang kanyang tiyuhin ngayon ang nagkaka-wrinkles sa tuwing may mga kalokohan siyang ginagawa.

He forced Ellie to apologize to Randal Dionisio, who turned out to be the editor-in-chief of the university

paper.

Kapag minamalas nga naman ang tao...

Paano na lang kung sa susunod na issue ng paper ay maglaan ang mga ito ng isang buong pahina para sa kanya? Hindi lang siya ang masisira, higit ang tiyuhin.

“Kasalanan mo ’to, eh!” aniya sa pinsang si Megan habang pinaplano kung paano lalapitan si Randal Dionisio. “Ikaw ang nakakakilala doon sa taong binabangga ko. You could have warned me na hindi pala siya ordinaryong estudyante!”

“Hello?” Pinandilatan siya nito. “Kinukurot na nga kita, di ba? Hindi mo ba naramdaman? Dapat ba mas nilakasan ko pa?”

“Ano naman iyong pakurut-kurot? Hindi mo ba puwedeng ibulong? Pipi ka ba?”

Umirap ang kaharap. “Hay naku, ewan ko sa ’yo. Ikaw itong padalus-dalos, gusto mo pang manisi ng iba. Lumakad ka na nga. Baka magsara ang library hindi mo abutan iyong tao.”



Naghihintay si Ellie sa labas ng library nang gabing iyon. Parang basang sisiw na nakaupo at nag-aangat lang ng paningin tuwing nararamdamang may lalabas.

Thinking it would be him, yet wishing that she was wrong. Nahugot niya ang hininga. Lumabas na ang kanyang hinihintay. Time to face her execution.

Nagtama ang kanilang mga paningin. Ilang sandali lang ay ngumiti nang sarkastiko ang lalaki at dahan-dahan ang ginawang pagsandal ng likod sa dingding; puno ng kompiyansa ang hitsura.

“Inutusan kang mag-sorry sa akin at hindi mo maatim gawin?” Ang boses nito ay malumanay, pero naroon pa rin ang ngiti sa mga labi.

Ipa-salvage ko kaya? Nahulaan na nga ang rason ng pagpunta niya roon, kailangan pa ba siyang asarin?

Ngiting-ngiti ito. And he looked—gorgeous.

Ulol! sita niya sa isipan. Hindi iyon ang panahon para pansinin niya ang kagandahang-lalaki nito. In fact, galit siya rito!

“Come on, hindi kita pahihirapang masyado.”

Lalong lumuwang ang pagkakangiti nito.

Nangalit ang mga ngipin ni Ellie pero pinilit ang sariling tumayo para lapitan ito. “Sorry sa naging asal ko kaninang umaga.”

Pinagsalikop ni Randal ang mga braso sa tapat ng dibdib. Kumunot ang noo nito na para bang hindi satisfied sa narinig. Tahimik siyang pinagmasdan na para bang naghihintay pa ng sasabihin niya.

Gustong ibato ni Ellie ang hawak na libro sa nararamdamang asar. “Ibibili kita ng bagong eyeglasses,” masama sa loob na dagdag niya. “Contact lenses pa nga kung gusto mo.”

Tumango-tango ito. “Good. Puwede nating pag-usapan iyan.”

“Puwede kitang samahan bukas sa *Jen’s Optical*.” Pagkuwan ay may naisip siya. “O gusto mo bang bigyan kita ng cash?”

“Oh, it would be nice kung sasamahan mo ako.” Ni hindi na-offend ang lalaki sa masamang tono ng huling sinabi niya. “I’ll organize a parade committee habang naglalakad tayo sa *Session Road*. Para makita tayo ng mga estudyante. You won’t mind, di ba? Since it’s obvious you like making a spectacle of yourself.”

Kumuyom ang mga palad ng dalaga. Pero naiintindihan niyang galit pa rin ang binata dahil nagmukha nga naman itong katawa-tawa kaninang

umaga sa harapan ng maraming tao. Marahil hindi iyon matanggap ng pride ng lalaki. And he was savoring the moment of her discomfort.

“Sa maniwala ka o hindi, pinagsisisihan ko rin ang naging asal ko.” Tumingin siya sa kanyang relo. “Now, if you don’t mind, kailangan ko nang umuwi. Ano’ng oras tayo magkikita bukas?”

Kunwa ay nag-isip ang lalaki pansumandali. “You know what, puwede nating kalimutan na lang ang tungkol sa salamin.”

Tumingin ito sa kanya at halos mapangiti ang dalaga. Patatawarin siya ng lalaki, at sasabihing kalimutan na lang ang nangyari. Her charm was still working, after all.

“Sa isang kondisyon.”

“What!” Matalim ang tinging ipinukol niya rito. Biglang nawala ang pag-asa sa dibdib. Pinaglalaruan yata siya ng ungas!

“Buy me dinner.”



Hindi alam ni Ellie ang dahilan kung bakit siya pumayag sa hiling ng lalaki nang gabing iyon.

It was so simple. One moment, galit siya sa binata, the next thing she knew, she was won over by his smile.

Two weeks later, they were going out on dates.

“Sus, kuwentong komiks naman ang buhay mo!” natatawang sabi ni Megan habang excited siyang nagkukuwento. “Nagkakilala sa away, tapos biglang nagde-date. Aba, kapag kayo nagkatuluyan, ipapadala ko ang kuwento mo sa mga scriptwriters ng pelikula!”

“I think he liked my guts. The moment that we met, I know I had him then. Kung hindi ko siguro siya tinarayan, baka hindi niya ako napansin,” ngingiti-

ngiting sabi ni Ellie.

“Ay gan'on? Asset na pala ngayon ang pagiging mataray? Aba'y magpapaturo nga ako sa iyo at nang makabingwit naman ako ng ideal man na tulad ng nabingwit mo!”



Kumalat ang kuwento nila sa buong unibersidad. Marami ang nainggit sa kanya. Marami ang kinilig. May mga nagbigay ng taning. A month or two, maghihiwalay rin daw sila, sabi ng mga ito. Pero patapos na ang semester na iyon at lalong tumitibay ang samahan nila. Wala yatang bakanteng oras na hindi sila magkasama.

At the age of nineteen, nasiguro niya sa sariling seryoso siya. It wasn't just lust... not just a teenage fantasy. Ellie felt like she had found her true love...

Tumigil ang mga haka-haka na hindi sila magtatagal. Pero maraming guro ang napailing.

One of them finally picked up his nerve and came up to her one time habang mag-isa siyang kumakain sa canteen. Isa ito sa mga instructors sa Arts and Sciences department, pero hindi niya ito kilala nang personal.

“Alam mo bang malaki ang potential ni Randal na maging successful?” anito sa kanya.

Ellie was so naïve na inisip niyang pinupuri nito ang nobyo niya. She even managed to smile. “Oo nga po.”

“At alam mo rin bang malaking distraction ka sa kanya?”

Unti-unting napawi ang kanyang ngiti. At ni hindi niya nagawang magsalita.

Napansin iyon ng instructor. Lalong lumakas ang loob nito. “Mula noong mag-first year si Randal, ni minsan ay hindi siya na-involve sa sinumang babae.

Ang concentration niya ay nakatuon lang sa pag-aaral at sa extra-curricular activities na may kinalaman pa rin sa pag-aaral. Can you imagine his instructors' distress nang dumating ka sa buhay niya?"

Ellie felt like she was choking. She was known for being impulsive and defensive, pero sa pagkakataong iyon ay ni hindi siya makalunok man lang.

"If it's not too much to ask Miss Balmores, layuan mo si Randal. Do not destroy his future. Do you believe in fate? Kung talagang kayo ang para sa isa't isa, you will have your chance later."

Hindi na pumasok kinabukasan si Ellie. A week later, nalamang nag-transfer na siya sa Manila pagkatapos ay nagtungo na rin ng America.


Hindi na siya nagtangka pang makipagkita kay Randal bago umalis ng Baguio.

Pinakiusapan niya si Megan na ibigay rito ang kanyang note. It was written on a small piece of paper. Nakita niya ang galit sa kanya ng pinsan nang mabasa ang nilalaman niyon—*'I'm going away to look for greener pasture. Have a good life.'*

"Are you sure you want me to give this to him?" tanong nito sa huling pagkakataon. Tumango lang si Ellie.

And for the next nine years, she kept on asking herself if she did the right thing.





Alindi inakala ni Ellie na magiging ganito kadaling makakuha ng trabaho. Nasa States pa lang siya ay ipinadala na niya sa *Northern Star* ang kanyang portfolio. Agad siyang nabigyan ng pag-asa nang mag-reply ang editor-in-chief at sabihing interesado ang mga ito na makatrabaho siya.

Kaya naman heto, kauwi niya pa lamang dito sa Baguio after nine years of being away at mayroon na agad siyang trabaho. Katatapos lang ng interview niya with the publisher Cecile Manuel, na for formality na lang naman. She was then welcomed as the new photographer for the weekly news publication.

“You’re about to meet the rest of the staff,” anang matandang publisher na binuksan na ang pinto ng pribadong opisina nito.

Maaga ang meeting nila, kaya si Cecile lang ang inabutan niya pagdating niya roon. Ngayon ay may naririnig na silang ingay sa labas, meaning naroon na ang ibang empleyado.

She took a deep breath para ihanda ang sarili.

Kahit paano, gusto niyang gumawa ng magandang impression, nang sa gayon ay magustuhan siya ng mga bagong makakasama.

“Ready?” tanong ng nakangiting si Cecile.

Tumayo na rin siya at ngumiti. “Of course.”

“Lisa lang kasi ang photographer namin dito, si Lucky. And he’s available,” sabi pa ng matanda habang naglalakad sila pababa sa masikip na hagdanan. Dalawang palapag ang naturang publication pero hindi gaanong kalawakan.

“We have three bachelors among the staff. I’d love to see kung sino sa kanila ang makakakuha ng atensyon mo,” patuloy pa ng babae.

She did not bother to comment. She was there for a job, hindi para maghanap ng boyfriend. At kung magnonobyong man siya, hindi na sa isang photographer. Not again.

Kaya nga siya umuwi ng Pilipinas ay para makalimutan ang ex-boyfriend na biglang nagdesisyong hindi sila bagay kaya ipinagpalit siya sa isang Italyanang modelo.

Kapwa niya photographer sa isang modeling agency si Craig. Noon, inakala niyang totoo na iyon. Aba’t ang ungas na labanos, sukat ba namang sayangin ang lahat ng panahong iniukol niya rito!

She would have dealt with the pain, kahit pa mahirap. Ang hindi niya nakayanan ay ang awa ng mga katrabaho para sa kanya. Sa lahat, ang pride niya ang ayaw niyang ginagastagan. Kaya napakadali sa kanyang mag-resign at magdesisyong umuwi ng Pilipinas. Kinumbinsi niya ang sariling panahon na rin siguro para umuwi.

Finance-wise, talagang mali ang desisyong iyon.

Ipinagpalit niya ang kinikitang dolyar sa susuwelduhin dito. But she had enough savings anyway. Ang totoo niyan, balak niyang magtayo ng sariling photo studio kapag nakapag-settle down na siya. Kailangan niya lang munang pag-aralan muli ang lungsod. Kahit tagaroon siya, hindi biro ang maraming taon na nawala siya. Things have changed. So, she had to take things one step at a time. After all, this was a brand new start for her.

“Apat lang ang pribadong silid dito,” naulinigan niyang sabi ni Cecile. “Ang sa akin, ang sa editor-in-chief, news editor at features editor. Nasa second floor lahat iyon. At iyan ang darkroom.” Itinuro nito ang isang pintuan.

Bumukas ang main door at pumasok mula roon ang isang babae. “Good morning,” nakangiting bati nito habang papalapit sa kanila.

Wow, anang isipan ni Ellie habang nakatingin dito, *pang-ramp model*. Sanay na sanay siyang nakakakita ng matatangkad at magagandang babae sa dati niyang trabaho.

Nang makalapit ito sa kanila ay natantya niyang mataas ito ng apat na pulgada sa kanyang taas na 5’2”. Napaka-confident nitong maglakad. Kunsabagay, kung ganito nga naman kaganda, kahit aso yata ay mapapaligon dito.

“Ellie, ito si Shargail, ang features editor,” pakilala ni Cecile.

“Oh, ang bagong photographer. Hello.” Agad nitong inilahad ang kamay. Warm and friendly. Magandang qualification ng isang reporter. Kay rami siguro nitong natsa-charm na prospective interviewees.

Si Ellie na naglaho na yata ang lahat ng confidence

nitong nagdaang mga taon ay nakaramdam ng insecurity. Tipid ang ngiting pinawalan niya sa mga labi.

“Hi. Ellie Balmores.” Mahina ang boses niya nang magsalita. “Pleased to meet you.”

“I’m giving her the tour. Ipapakita ko ang darkroom bago magsidatingan ang lahat,” saad ni Cecile sa editor at nagpatuloy sila sa paglalakad.



Nang lumabas ng darkroom sina Ellie at Cecile ay halos naroon na lahat ang iba pang staff. Isa-isa siyang ipinakilala sa mga ito ng publisher.

Noon niya na-realize, habang tinitingnan ang pakikitungo sa mga staff ni Cecile, na hindi siya personal na sinalubong nito dahil binibigyan siya ng special treatment. Isang mabuti at matalinong publisher ang babae. Obvious ang respeto ng staff dito. She must have given each of them her time para tanggapin nang pormal sa publication na iyon.

Nakilala niya ang isa pang photographer na si Lucky. At ang isa pang staff na si Art na bachelor din ayon kay Cecile. Wala siyang matulak-kabigin kung sino ang mas guwapo sa dalawa. Kung si Lucky ay Chinese mestizo, ala Bombay naman si Art.

Inulit ni Cecile ang biro kanina kung sino ang mas magugustuhan niya sa dalawa. Nagsisimula na ang kanyawan nang biglang mapadako sa bumukas na pinto ang mga mata ni Ellie.

At napatda siya.

Ito ang eksenang hinding-hindi pumasok sa utak niya.

Kahit ang taong ito ang dahilan kaya napaaga ang pag-alis niya ng bansa nine years ago, she tried to hard

to forget him. There were times when she thought she was successful. Tulad na lang noong na-involve siya sa isang relationship. Kinukumbinsi niya ang sariling seryoso iyon. So feeling niya nakalimutan na niya si Randal Dionisio.

Pero sadya yatang magpabiro ang tadhana. Kadarating niya pa lang ay pinahihirapan na siya.

“Randal, come and meet our new photographer,” masayang tawag dito ni Cecile.

Parang lumulutang sa ere ang ulo ni Ellie. *It's really him.*



Kung mas pinagtuunan lang ng pansin ng mga katabi ni Ellie ang mga mata ni Randal, marahil nakita rin ng mga ito ang gulat ng lalaki nang makilala siya.

Pero saglit lang iyon, na para bang hindi masiguro ni Ellie kung nakita nga niya iyon. Dahil agad na nablangko ang ekspresyon sa mukha nito. Walang emosyon.

Then he started walking toward her in big strides. Puno ito ng kumpiyansa.

Panaginip lang ito, anang isipan ni Ellie na parang umiikot ang mundo. Paanong nangyari na narito ang taong pinakaiwas-iwasan niya? Mula nang makauwi siya ng Pilipinas, ito na ang eksenang ipinagdarasal niya na sana ay hindi maganap. Pero sa loob lang ng dalawang linggo, heto at nangyayari na! Nagtagpo na ang landas nila ni Randal.

Coincidence?

Hindi.

Nightmare.

Nagsimulang manginig ang kanyang mga tuhod. Binalot ng panlalamig ang buo niyang katawan. Tama,

isa lang itong bangungot at maaari niyang takasan. Kailangan niyang makalayo bago makalapit ang multo!

Lumikot ang kanyang mga mata. Ang tanging exit na nakikita niya ay ang pintuang pinanggalingan mismo ng lalaki.

“Sir Ed, come and meet Ellie, siya ang bagong photographer.” Si Art ang nagsalita. Iyon ang nakasanayan ng mga itong tawag sa lalaki, ‘Ed’ as in editor.

Pero parang hindi ito napansin ni Randal na tumigil sa mismong harapan niya at nakipagtitigan. Tumahimik bigla ang loob ng silid na iyon. Parang biglang naramdaman ang tensyong namamagitan sa kanilang dalawa. Marahil sa wakas ay napansin ng mga ito ang pamumutla niya. O ang pagkakakuyom ng mga palad ng lalaki.

Ikaw nga, anang isipan ni Ellie na pinagsawa ang paningin sa anyo ng lalaki. He looked bigger and much taller. Siyam na taon nga naman ang lumipas. Natural lang na maraming nagbago.

Years ago, he could easily cradle her head on his chest sa tuwing kakailanganin niya ng suporta. Well, she needed support now more than ever. Pakiramdam niya ay babagsak siya sa mismong kinatatayuan. Pero ni hindi niya puwedeng salingin ito. No, wala siyang karapatan...

Even his complexion looked a shade darker. Wala rin itong suot na eyeglasses. Napatingin siya sa mga mata ng lalaki. Walang kulay ang contact lenses na gamit nito.

“Hi.” Maging ang boses nito nang magsalita ay iba sa nakasanayan ng dalaga. Mas buo. Mas confident.

“H-hi,” sagot niya na halos di narinig ng iba.

Kahit paano ay lumuwag ang pakiramdam niya.

At least, magpapakapormal pala ang lalaki. Aaktong normal sa harapan ng mga taong ito. He was not going to acknowledge the fact na dati silang magkakilala—na mas dapat niyang ipagpasalamat. He was going to pretend that this was just a casual introduction.

Iyon ang akala niya.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” narinig niyang dugtong ni Randal, at noon niya nakita ang bahid ng malisya sa mga mata ng lalaki. “Hindi ko alam na matapos ang siyam na taon ay may balak ka pa palang bumalik sa lugar na ito. You’re supposed to be in Hollywood, married to Tom Cruise.”

It was so easy to just crumble and die. Kahit ano, para lang hindi na niya kailangang harapin ang lalaki, at indahin ang obvious na galit sa mga mata nito na ngayon ay nagsisimulang magpakita.

“I turned him down the very last minute,” nagawa niyang sabihin. She wondered kung sa paanong milagro, nakaisip siya kaagad ng pangresbak. At nasabi niya iyon nang kaswal. Walang bahid ng takot o sakit ang boses—ng kanyang tunay na nararamdaman.

Kung nakikita lang ng mga ito ang pagkakakuyom ng kanyang mga palad. Kung nararamdaman lang ng mga ito ang kabog sa kanyang dibdib.

“Magkakilala kayo?” Hindi makapaniwala ang boses ni Cecile na lumapit at tinapik sa balikat si Randal. “This is fantastic! Had I known nasabi ko sana nang mas maaga sa iyo ang pangalan ng bago nating photographer para nakapag-ayos kang mabuti.” Tinaasan pa nito ng kilay ang lalaki. “You look—deadbeat.”

Nagtawanan ang ilan. Halata nga naman ang pagod sa mukha ng lalaki dahil sa ilang gabing pagpupuyat.

“No need. Bihisan mo man ako ng tuxedo, hindi

niya rin mapapansin.” Tuluyang pinawalan ni Randal ang sarkastikong ngiti na nakita ng lahat, dahilan kung bakit namula ang pisngi ni Ellie. “I am not good enough for Miss Balmores. In fact, I don’t think anyone among us is good enough for her. Kaya nga siya umalis patungong ibang bansa ay para maghanap ng greener pasture.” Ibinalik nito ang tingin sa dalaga at itinanong, “What happened? Wala kang nakita?”

Ang katahimikang bumalot muli sa kanila ay parang sasabog kung hindi lang iyon kaagad na binasag ni Cecile. Nagpilit itong tumawa. “Masyado mo naman yatang nilalait ang sarili mo. Maraming kababaihan ang willing itapon ang kanilang katawan sa harapan mo, mapansin mo lang.” Pinitik pa nito ang lalaki sa tagiliran. “In fact, if I’m not thirty years older than you, I might have done that.” Nagkatawanan uli. “Anyway, hindi pa kami nag-aalmusal ni Ellie at pinangakuan ko siya ng breakfast diyan sa *Detour Cup*. See you all later.” Hinila nito ang kamay ng bagong photographer.

God bless you, Cecile, anang isipan ng dalaga habang nagpapahila sa matandang publisher palabas.

“So, you’ve known Randal before you went to the States?” tanong ni Cecile habang hinihintay nila ang kanilang order na kape at sandwich sa loob ng *Detour Cup* fast food restaurant.

“Yeah,” aniya sa mahinang boses. “But not for long.”

“Hmm, teka nga. May haka-haka sa publication na kaya hindi nai-involve si Randal sa sinumang babae ay dahil ‘napaso’ ito sa isang relasyon noong college. Could it be true? And could you be the culprit?” nakangiting tanong nito. Pinamulahan naman ng mukha si Ellie. Napansin iyon ng kaharap at maging ito ay nagulat sa pagiging pakialamera. “I’m sorry. That was too personal.

To think unang araw mo akong nakaharap. I'm sorry."

"Okay lang po. At hindi naman po siguro totoo iyon. Bago ko nakilala si Randal, talagang wala na iyang hilig sa mga babae."

Muli ay napangiti si Cecile. "There have been times na nagiging tampulan siya ng tukso. Pinagtitripan pa ng mga kasamahan niya sa trabaho. Ilang beses kaya iyang na-set up sa blind date. Wala ni isa ang naging successful."

"Hindi lang po siguro nag-click."

"I think I have to warn you as early as now. Parang mission na yata ng mga officemates natin, lalo na si Shargail, ang makita si Randal na nagmamartsa sa altar. Expect some act of match-making from them. Pero huwag kang mairita, kapag nagsawa ang mga iyon, titigil din at maghahanap ng ibang biktima."

Napatitig si Ellie sa mesa as if fascinated siya sa designs niyong mga bulaklak.


"Oh, here's our order," narinig niyang pahayag ng kaharap.

Pero lumilipad sa ere ang kanyang isipan.

Match-making?

No chance...





Kumunot ang noo ng pinsan niyang si Megan na inabutan ni Ellie sa kusina at nagtitimpla ng kape. Pansamantala kasi ay rito siya tumutuloy sa bahay ng kanyang Tito Herman habang hindi pa siya nakalilipat sa bagong apartment.

“Ano’ng nangyari? First day mo sa trabaho, ganyan na ang mukha mo? Did they change their mind at hindi ka tinanggap?” usisa nito.

“Did you know na ang editor-in-chief sa newspaper na in-apply-an ko, eh, si Randal Dionisio?”

“Yup,” maikling sagot nito.

Hindi makapaniwalang tiningnan niya ang pinsan. “Bakit hindi mo sinabi sa akin?”

“Nagtanong ka ba?”

Humugot siya ng malalim na hininga; pilit kinokontrol ang galit.

“Considering the fact na dati ko siyang kakilala, naisip mo naman siguro na kailangan kong malaman iyon, hindi ba?”

This time, namaywang naman ang pinsan. “Sabihin mo nga sa akin. Ano kaya ang ginawa mo kung

nalaman mo nang mas maaga ang tungkol sa bagay na iyon? Itutuloy mo kaya ang pag-apply doon? Hindi, di ba? Dahil tiyak kong maduduwag ka uli.”

“I hate you,” mahinang sabi niya at tinalikuran ito.

Agad na sumunod ang pinsan hanggang sa makarating sila sa kanyang silid.

“Huwag ka nang mag-sorry. Galit talaga ako.”

Halata sa kanyang boses ang matinding pagdaramdam. Dumapa siya sa kama.

Naramdaman niya ang pagtabi ni Megan, pero hindi niya ito nilingon man lang. “Ibig bang sabihin ng inaasal mong ito ay may nararamdaman ka pa rin sa kanya?” Mahinahon na ang boses nito. “I never imagined na ganito ang magiging reaction mo. It’s been nine years kung tutuusin.”

“Of course, wala na akong feelings para sa kanya!” malakas ang boses na tanggi niya.

“If that’s the case, then what’s the big deal?”

“I knew when I decided to come back na isang araw ay magtatagpo ang landas namin. But I never expected it to be this soon! And the thing is, you could have told me! Ang hirap bang gawin n’on? Tuloy, my meeting with him was interesting. And *painful*—thanks to you!”

“Nag-away ba kayo?”

“Away? Mag-aaway kami sa harapan ng mga tao? That would have been better! Pero hindi. He acted as if I was the least interesting person in the world!”

“Hmm, I get it. Nagagalit ka dahil dinedma ka niya?”

She looked at her cousin at halos gustung-gusto niya itong tirisin. “Sira ka ba? Galit ako dahil nagulat ako. Kung nakapaghanda sana ako bago kami nagkita, hindi sana ganito ang reaction ko ngayon. Don’t start using your wild imagination. Wala na akong

nararamdaman para sa kanya.”

“And don’t lie to yourself. It’s not healthy.”

Binato niya ito ng unan. Nasalo iyon ng pinsan.

“Natural lang na maging malamig ang pakikitungo niya sa iyo ngayon, Ellie. After all, ikaw kaya ang unang babaeng sineryoso niya noon. ‘Tapos bigla mo siyang nilayasan without saying a word,’ patuloy ni Megan.

“So tutunganga na lang ako sa harapan niya everytime magkakaharap kami at tatanggapin ko ang malamig na pakikitungo niya?”

“Nagulat din naman siya sa bigla ninyong pagkikita. Makaka-recover din iyon. Hindi naman iyon mananatiling galit habambuhay.”

“Great. So I should be happy dahil magagalit lang siya sa akin for the next fifty years,” sarkastikong sabi niya at saka sumeryoso. “Damn, I don’t think makakatagal ako sa trabahong iyon. I have to look for another job.”

“Sira ka talaga. Ipapakita mo lang sa kanya na hanggang ngayon ay duwag ka! You think lahat ng problema ay nareresolba kapag tinatakbuhan? Magpaka-professional ka naman! You’re twenty-nine years old! Kausapin mo siya tungkol sa nakaraan. It’s your time to apologize, and he deserves one, hindi ba?”

Nalukot ang mukha niya. “Ano’ng inaasahan n’yong gawin ko, lapitan siya’t sabihing, *‘Randal, I’m sorry about what happened years ago. Puwede ba tayong magsimula uli?’* He’d probably die laughing.” *Or he could simply spit on my face.*

“Coward. Bahala ka nga. Kung may pagtingin ka pa rin sa kanya, pero willing kang i-let go, then fine! Sino ba ang mahihirapan? For goodness’ sake! Nas’an na ba ang dating Ellie na mataray at palaban? Napaka-boring mo naman.” Nainis na rin ang pinsan at kusang iniwan

siya.



Iyon ang opisyal na unang araw ni Ellie sa *Northern Star*. Muli siyang nakaramdam ng kabalisahan. Hindi na niya maiiwasang harapin muli si Randal.

Dapat ay nagdala siya ng shades nang sa gayon ay hindi niya kakailanganing makipagtitigan dito nang derecho sa mga mata.

Ulol! aniya sa sarili. Para namang magagawa siyang protektahan ng isang pares ng shades. Kailangan niya lang magpaka-professional. Ang tanong ay kung paano niya gagawin iyon.

Pagpasok sa opisina ay nakasalubong niya si Cecile.

“Good morning. Kunin mo ang assignment mo kay Randal. Nasa private office na siya,” anito na parang hindi makapaghintay na umakyat siya sa second floor.

Humugot ang dalaga ng malalim na hininga at saka humakbang. Aniyan sa isip, *A as in apple, B as in boy, C as in cat...*

Paraan niya iyon para libangin ang sarili sa tuwing pakiramdam niya ay haharapin na niya si Kamatayan. Sana lang ay epektibo iyon ngayon.

Bukas ang pinto ng opisina ng editor-in-chief. Humugot siya nang malalim na hininga saka pumasok. At nagulat. Dahil hayun sa mesa, halos magkadikit ang mga ulo nina Randal at Shargail habang iniinspeksyon ang ilang papel. They were so engrossed with what they were doing na hindi siya napansin. Kinailangan pa niyang umubo para ipaalam ang presensya niya sa mga ito.

Agad na nag-angat ng paningin si Shargail at ngumiti, samantalang si Randal ay dinahan-dahan ang pagkilos. Nang sa wakas ay tumingin sa kanya,

nakaangat ang isang kilay nito.

“Ano ’yon?” pormal na tanong ng lalaki.

Napalunok ang dalaga, wondering kung magagawa niyang magsalita. Sinubukan niya, “S-Sir, kukunin ko lang po ang assignment ko.” Mahina ang kanyang boses.

“May peace pact ng tribal war sa Tabuk, Kalinga tomorrow afternoon. Sasama ka kay Del na siyang may cover sa istorya. Kailangan mo nang maghanda dahil mamayang gabi ang biyahe n’yo.”

Ang tanging reaksiyon ni Ellie ay ang mapanganga.

“What?” Muling nagtaas ng kilay ang binata.

“Ano’ng inasahan mo? Ipapadala kita sa isang fashion show?”

In fairness kay Shargail, nakita niya ang pagsiko nito sa lalaki pagkapansin sa sarcasm sa boses nito.

Kumuyom ang kanyang mga palad. So, this was the way he had decided to deal with her? Ang itapon siya sa pinakamalayong lugar para kahit paano ay hindi siya makita nang ilang araw?

“May problema ba, Miss Balmores?”

Itinuwid niya ang tayo at derechong tiningnan ito sa mga mata. “Wala, Sir. I’m looking forward to going to Tabuk.” Isang pekeng ngiti ang pinawalan niya.

“Maghahanda na ako.” Tumalikod siya para umalis.

Pero hindi pa yata nakontento si Randal. “Do your best, Miss Balmores. Unang assignment mo ito. Alalahanin mo lang, as your editor, nakasalalay sa akin kung magtatagal ka sa trabaho mo.”

Right there and then gusto niyang sabihing magre-resign na siya. Pero bigla niyang naalala ang huling statement ng pinsan niya nang nakaraang gabi:

“Nasaan na ang mataray at palaban na si Ellie? Ang boring mo.”

Siya? Boring? *Damn. Let me show her. Let me show him. Let me show them all.* Napangiti siya sa sarili.

Muling humarap si Ellie dalawa. Mukhang nagulat ang mga ito sa pagkatamis-tamis niyang ngiti. “Yes, Sir. I won’t disappoint you.”



“You were so rude,” pairap na sita ni Shargail kay Randal na hayun at nakatitig pa rin sa saradong pinto.

Noon lang parang bumalik sa atensyon ng lalaki na may kasama pala ito sa silid na iyon. “Was I? Gusto ko lang iparating kay Miss Balmores na hindi magkakaroon ng special treatment sa kanya por que malakas siya kay Cecile.”

“Gan’on?” Nagtaas ito ng kilay. “Pasensya na, pero ang interpretasyon ko kasi sa nangyari, gusto mo siyang takutin hanggang sa magtatakbo siya palabas. And you almost succeeded.”

Inabot niya rito ang isang papel. “Get back to work. Your concern over Miss Balmores is somewhat amusing. Hindi naman yata kayo naging best of friends the moment you met.”

“Ano’ng score sa pagitan n’yo, Randal? Halos lahat ng staff sa ibaba ay nagpupustahan. Na naging item kayo noon ni Miss Balmores. Is that true?”

“I would appreciate it kung hindi ninyo pakikialaman ang nakaraan ko, which is a personal matter. At huwag n’yong pagdidikitin ang pangalan namin ni Ellie.”

Hinablot nito ang papel. “Here’s the fact as I see it, Mr. Editor,” anito na namaywang at itinaas ang noo, too sure of herself and her judgment. “Nang una ko siyang makita, she was just like any ordinary girl. Pero sa tuwing narito ka sa harapan niya, nakikita ko ang

transformation. She's turning into a tigress. Something tells me there's more to this story." Nagtungo ito sa tapat ng pinto, binuksan iyon saka siya nilingon. "I can't help but wonder." Dramatic ang pagkakasabi niyon bago ito tuluyang lumabas.



Huwebes ng gabi sila nakabalik ng writer na si Del. Just in time para sa deadline nila. Kinsenas kasi ang issue ng news magazine at hinahabol nila ngayon ang unang issue sa buwan ng Oktubre.

Ikinonsidera ni Ellie na adventure ang pagpunta sa Kalinga dahil kahit naging mapayapa at matagumpay ang peace pact ay napuno naman iyon ng tensyon. Na para bang maya't maya ay magkakaroon ng mainit na labanan.

Nang sa wakas ay natapos ang mahabang pag-uusap ng matatanda mula sa dalawang grupong pinagkakasundo, sumunod ang pagkatay ng maraming baboy, dalawang baka at isang kalabaw. Parang naging fiesta ang kanilang dinaluhan. At inamin niya sa sariling nakahinga lang si Ellie nang maluwag nang tuluyan silang makasakay ng bus pauwi.

Kahit parehong pagod mula sa labindalawang oras na biyahe ay dumerecho na sila sa publication kung saan alam nilang nag-o-overtime ang iba pang staff.

Pagkatapos niyang ma-develop ang mga kuhang larawan ay agad umakyat si Ellie sa second floor ng building para magtungo sa opisina ng editor. Nakasalubong niya ang pababang si Del na hiniling na makita ang trabaho niya. Nangingislap ang mga mata nito nang ibalik iyon sa kanya.

"Good work," sabi pa nito.

Nabuhayan ng loob ang kanina ay kabadong si

Ellie.

As usual, bukas ang pinto ng silid ni Randal. Nag-iisa ito ngayon; nakasubsob ang ulo sa kung anumang binabasang papel.

Dapat sana ay nakaramdam siya ng kaba, after all, unang pagkakataon niyang mapag-isa kasama ito. Pero hindi; lumuwag pa ang dibdib ng dalaga dahil alam niyang mas masasabi niya ang gustong sabihin kung sila lang ang magkaharap.

Naramdaman ng lalaki ang kanyang pagpasok. Kunut-noong nag-angat ito ng paningin. Nang makita siya, saka nito pilit kinontrol ang ekspresyon ng mukha at naging blangko iyon.

Puno ng kumpiyansang pumasok siya at inilagay ang envelope sa ibabaw ng mesa. “Buksan mo at inspeksyunin. Dito lang ako para kapag nagdesisyon kang igisa ako sa kritisismo mo, hindi ka na mahihirapang ipatawag pa ako.” Naupo siya sa kaharap nitong swivel chair at pinukol ito ng nanghahamon na tingin.

Matagal bago kumilos ang lalaki para buksan ang envelope at inilabas ang mga laman niyon.

Nahugot niya ang hininga. Kung alam lang ng lalaki ang biglang pagkabog ng kanyang dibdib dahil sa kaba.

Matagal ang ginawa nitong pagsusuri sa mga pictures. Finally ay ibinalik sa envelope.

“These are fine. Puwede ka nang lumabas,” anito sa seryosong boses.

Dapat sana ay nakaramdam siya ng gaan ng loob at nakahinga nang maluwag. Pero hindi. Dahil ang inasahan niya ay magkakaroon ng away. Siguradung-sigurado siya na iki-criticize nito ang kanyang trabaho. Kaya inihanda niya ang sarili para magdepensa. Hindi niya inasahang tahimik na tatanggapin iyon ng lalaki.

Marahil nahulaan nito ang expectation niya kaya dinismaya siya.

Tumayo si Ellie at namaywang sa harapan nito. “Fine?” taas ang kilay na sabi niya. “These are not fine!” Kinuha niya ang envelope at ibinagsak iyon sa mesa. “These are *great!* These are perfect!” tukoy niya sa sariling gawa. “Pero hindi mo sasabihin iyan dahil ayaw mong amining nagkamali ka ng impression sa akin. You were hoping I’d turn out to be a trying hard amateur, pero nagulat ka at nadismaya dahil magaling ako, hindi ba?”

“At ang punto mo ay?” Sumandal ang lalaki sa backrest ng inuupuan at pinagtiklop ang mga braso sa harap ng dibdib.

“Ang punto ko ay kailangan mong i-acknowledge ang kakayahan ko. Tratuhan mo ako tulad ng pagtrato mo sa ibang staff dito. Sabunin mo ako kung kailangan—but praise my work when it deserves one,” derechong sabi niya. “Iyan ang gagawin ng isang magaling at patas na editor.”

Tumango ito. “Meron ka pa bang idadagdag?” Puno ng pasensya ang boses nito na para bang isang batang matigas ang ulo ang kausap.

Nagngalit ang mga ngipin ng dalaga. Hinahamon siya nito! “I’d like you to buy me dinner.”

Tumuwid ang upo ni Randal na parang sinilihan ang puwit at nagsalubong ang mga kilay. “What!”

Hindi nabawasan ang lakas ng loob niya. Nagawa pang magkibit-balikat at kaswal na nagpatuloy, “Sabihin na nating iti-treat mo ako sa unang trabaho ko. Dinner, Randal. Gutom ako.”

“Wala akong pakialam anayin man iyang tiyan mo!” Tumayo ito at ang mga kamao ay ibinagsak sa mesa. “Balak mong paikutin uli ako sa mga daliri mo? Sa

tingin mo puwede kang bumalik na lang bigla sa buhay ko at sabihin sa akin ang mga katagang iyan? You have the most amazing nerve! Get out!”

Itinaas niya ang mga kamay sa ere. Pinaikot ang mga mata at tahimik na lumabas. *Testing lang naman, ah!*

Narinig niya ang pagkabasag ng kung ano sa loob ng opisina nito. Nasapo niya ang dibdib.

Habang pababa ng hagdanan, nanliliit ang kanyang pakiramdam dahil nakatingin ang lahat sa kanya. They must have heard the commotion. Ipinagdarasal lang niya na sana ay hindi naintindihan ng mga ito ang mga salita ni Randal.

Nasusukat ni Ellie ang tindi ng galit ng lalaki sa kanya base sa naging reaksyon nito kanina. Ewan kung bakit niya naibulalas ang mga katagang iyon. It was not as if inasahan niyang papayag itong ibili siya ng dinner. Pero hindi niya rin inasahang pagtataasan siya ng boses ng binata at magbabasag ito.


Gayunpaman, hindi pagkadismaya ang nararamdaman niya ngayon. Na-realize niyang unti-unti nang nagbabalik ang dating Ellie.

My goodness, he looked wonderful while enraged. Ni hindi siya nakaramdam ng takot dahil alam niyang hindi siya nito sasaktan nang pisikal. Kahit pa siguro gusto nitong sakalin siya.

I'll drive you to the limit, anang isipan. Until you realize who I am. Ako ang unang babaeng nakasungkit sa puso mo.

She felt such satisfaction. At bigla ay ini-acknowledge niya ang tunay na nilalaman ng isipan.

Mark my word, Randal, desididong pahayag ng isipan ng dalaga. I'll win you back.



“**B**ye, Teacher Amanda! See you tomorrow!”
paalam ng walong taong gulang na si Chino, isa sa mga estudyante ni Amanda sa *Great Minds*, ang tutorial center sa Xavierville kung saan may part-time job siya. Nag-tiptoe pa ang mestizo na bata para halikan siya sa pisngi.

“Bye, Chino, good luck on your exams tomorrow,” Hinatid niya ito sa pinto ng center kung saan naghihintay ang sundo nito. “Wag kakalimutan ang mga tinuro ko, ha? Photosynthesis is not—”

“Is not the art of pictures,” agaw nito sa sasabihin niya. “I know, Teacher, hindi na ‘ko magkakamali. Photosynthesis is the food-making process in the leaves of plants using sunlight. Yes, Teacher, I won’t forget,” bibong sagot nito. Ngumiti siya.

“Just checking,” tugon ni Amanda saka binuksan ang pinto. May dalang payong ang yaya ng bata dahil umaambon. Sinipat niya ang langit, gusto niyang umungol nang makita ang makakapal at maiitim na ulap. Lagot, wala siyang dalang payong. Kinuha ng yaya

ni Chino ang mga gamit ng bata at iginiya ito papunta sa gate ng tutorial center.

Sumunod siya rito.

“Bye, Manang, ingat kayo sa pag-uwi,” paalam niya.

“Ikaw rin, Teacher,” anito. Isinara niya ang gate at bumalik sa loob ng center para iligpit ang mga gamit. Sinulyapan niya ang relo; six o'clock in the evening. Kailangan niyang magmadali para di maabutan ng traffic at ng ulan, kailangan din niyang maabutan ang mga lutong ulam sa karinderya malapit sa tinutuluyan niya. Kapag di siya umabot, magtitiis siya sa cup noodles.

“Whoa, mukhang nag-overtime ka na naman, ah!” Napalingson siya sa nagsalita. It was Eric, ang binatang anak ng may-ari ng tutorial center. Sa sobrang abala niya sa pag-aayos, di niya napansing dumating na pala ang kotse nito. Nginitian niya ang lalaki.

“Exams kasi ni Joan kaya ako lang ang nag-tutor ngayon, kaya medyo natagalan ako dito.” Si Joan ay isa pang tutor sa center. Ibinalik niya sa shelves ang mga librong ginamit nila ng mga bata.

“Tsk, ang sipag talaga,” narinig niyang sabi nito. Naglakad ito palapit sa mga mesa at tinulungan siyang magligpit.

“Gan'on talaga pag nangangailangan ng pera, eh.”

“Sabi ko naman kasi sa 'yo, sagutin mo na 'ko para maging sugar daddy mo nang di ka na mahirapan.” Napatingin siya sa kisame bago hinarap ito.

Isang kunwaring tawa ang pinakawalan niya.

“Paano ka naman magiging sugar daddy, eh, twenty-six ka lang?” Umikot ang mga mata ng binata.

“That's not the point, my dear Amanda. The

point is, sagutin mo na lang ako.” Sumeryoso ito at pinagmasdan siya. “Come on, ano ba’ng ayaw mo sa ‘kin? Guwapo ako, may magandang trabaho, wala naman akong bad breath o smelly feet o smelly underarms, wala ka ring problema sa parents ko dahil gustong-gusto ka rin nila. Tell me, is it because of the age difference? Dahil ba six years akong mas matanda sa ‘yo?” By this time na tapos na itong maglitanya, nabalik na nila lahat ng mga libro sa shelves.

She looked exasperatedly at Eric, he was giving her the puppy eyes. Again, she rolled her eyes at him. Umiral na naman ang pangungulit nito.

First day pa lang ni Amanda sa tutorial center na iyon ay kinukulit na siya nito. Ang unang bagay na sinabi nito sa kanya nang makita siya anim na buwan na ang nakakaraan ay, *“Oh dear! I think I just saw my soulmate. Milady, will you please grant this humble man your hand in marriage?”* And he said that with a straight face. Nailing siya sa alaalang iyon.

Alam ni Amanda na very attractive siya. Kahit ang boyish haircut niya ay hindi kayang bawasan ang ganda factor ng kanyang mukha. Her oval-shaped face could go well in practically any hairdo.

She had full firm lips, high cheekbones to die for, arrogant straight nose, her large deep-set eyes were accentuated by long thick lashes, pang-commercial din ang kanyang smooth fair skin. And to top that, she had the body and height that could rival any popular supermodel. Ang ganda niya ay hindi iyong tipong mala-anghel na mukhang babasagin, her beauty was strong, powerful and magnetic, like a dark angel capable of destroying anything that irritated her. Maraming pumipilit sa kanyang magmodelo o kaya

mag-artista, pero matigas na 'no' ang lagi niyang sagot. Ang huling bagay na kailangan niya ay popularidad, after all, isa iyon sa mga bagay na tinakbuhan niya.

Mula pagkabata, sanay siyang nililigawan at binubuhusan ng atensyon pero aaminin niya, so far, si Eric ang pinaka-OA.

Lumapit siya sa lamesa para kunin ang bag niyang nakapatong doon.

"Nasabi ko na 'to, di ba?" she said. "It's not you, it's me. Talagang hindi pa 'ko handa." Bumuntong-hininga ito.

"Talaga naman, the classic 'it's not you, it's me' phrase." Madamdamin itong umiling. "Di ba dapat sa break-up lang ginagamit 'yan at di sa pambabasted?" He looked exaggeratedly hurt.

"You're such a drama king, Eric," naiiling pero nakangiti niyang sabi. Isinukbit ni Amanda ang malaking bag sa balikat saka pinatay ang mga ilaw. Paglabas ng center, malakas na hangin at ulan ang sumalubong sa kanilang dalawa.

"I'll take you home," pinal na sabi ng binata. Walang angal na tinanggap niya ang alok nito.



"Are you sure dito ka nakatira?" di-makapaniwalang tanong ng binatang katabi ni Amanda sa sasakyan. Nasa tapat sila ng isang eskinita sa Timog Avenue. Mula sa kotse, matatanaw ang mga dikit-dikit na bahay sa looban. Somewhere sa mga bahay na iyon, naroon ang one-room, dilapidated apartment unit ni Amanda. She looked at him drily.

"Isa pang tanong, Eric, I swear, sasakalin na kita."

"Seriously, Amanda, kapag bumahing ang sampung tao ay magigiba na 'yan! It's not a good place to live in!"

katuwiran nito.

“Oh, geez! Thanks for the insult,” she said in half-hearted sarcasm. Aminado siya na tama si Eric, pero ano ba ang magagawa niya? Ang lugar na ito lang ang kasya sa kanyang masikip na budget. Dagdag pa na napaka-convenient ng lugar; malapit sa *UP* kung saan siya kasalukuyang kumukuha ng Fine Arts, malapit sa mga tindahan, malapit sa tutorial center, ano pa ang hahanapin niya?

The fact na puwede itong gumuho kahit anong oras ay tinuturing na lang niya bilang collateral damage. Bago pa siya usyosohin ni Eric tungkol sa pamilya niya at sa kung anu-anong bagay, minabuti niyang bumira na ng alis.

“Thanks for the ride, Eric. ‘Bye.”

“Wait, kunin mo ‘tong payong,” pigil nito. Kinuha nito ang payong sa back seat. Hindi niya napigilan ang pagngiti. Eric may be a drama king and tactless sometimes, but it’s undeniable that he was also very sweet.

“Thanks.” She smiled sweetly at him.

“Aw... I think my heart just melted,” drama nito sa ngiti niya. She rolled her eyes.

“Sige na, bukas ko na lang isosoli itong payong mo. ‘Bye!” Lumabas na siya mula sa kotse nito. Tumakbo siya papunta sa looban. Nang hindi na siya makita ng binata, muli nitong binuhay ang makina. Habang nagmamaneho, napakunot-noo ito nang madaanan ang isang raven black *Jaguar*. Masyadong out of place ang magarang kotse sa squatters’ area na iyon.

Nagkibit-balikat ang binata.

Sa backseat, sa loob ng black *Jaguar*, kalmado pero malamig ang mga mata na sinundan ng tingin ng isang

lalaki ang kotse ni Eric. Hazel ang mga mata niya, his strong jaw was slightly clenched.

“Siya po si Eric Ortega, Sir,” sabi ng isang lalaking nakaupo sa driver seat. “Anak po siya n’ung may-ari ng tutorial—”

“I know who he is,” maanghang na putol niya. Natahimik ang kausap.

“Sir, ano po’ng gagawin natin?” tanong ng isa pang lalaking nakaupo rin sa harap. Humugot siya ng hangin.

“Get her,” utos niya, mas malamig pa sa ulan ang kanyang boses. “She’s been playing for too long.”



Hindi pa nakakapagpalit ng damit si Amanda nang may kumatok sa pinto niya.

“Sandali!” tawag niya. Mabilis niyang isinuot ang oversized t-shirt at hinubad ang basang pantalon. Humagilap siya ng shorts sa drawer at nagmamadali ring isinuot iyon.

Sa gulo ng maliit niyang apartment, halos matalisod siya sa dami ng mga bagay na nakakalat sa sahig. Nakabalandra kung saan-saan ang mga canvas, paintbrush, paint tubes, sketchpads, papers, libro... halos ilang buwan na rin niyang di nakikita ang tiled floor ng kanyang bahay.

Tila naiinip na kumatok muli ang kanyang buwisita.

“Nand’yan na!” sabi niya ulit sa kumakatok.

Hinagilap ni Amanda ang cellphone sa kahuhubad lang na pantalon at ibinulsa iyon kasama ang kanyang wallet. Kinuha rin niya ang payong ni Eric, bibili na rin kasi siya ng ulam sa karinderya. She dashed toward the door.

Pagbukas ng pinto, nanlaki ang mga mata niya nang tumambad sa kanyang harapan ang dalawang lalaking nakasuot ng black suit at necktie. Matatangkad ang mga ito at malalaki rin ang katawan.

Instinctively, gumalaw ang kamay ng dalaga para ibalibag pasara ang pinto, pero mabilis ang reflexes ng isang lalaki. Nahawakan nito ang pinto at pabalang na tinulak pabukas.

Bago pa siya makasigaw, mabilis siyang hinaklit nito sa braso, hinila siya sa batok at tinakpan ng puting panyo ang kanyang bibig at ilong.

Sinubukan niyang sumigaw, tinangkang pumiglas, pero mahigpit na hawak ng isa pang lalaki ang mga kamay niya sa kanyang likod.

Unti-unti, naramdaman ni Amanda na nanghihina siya, inaantok. Nagsisimula na siyang balutin ng kadiliman.

Gusto niyang magmura nang matlutong. Sa tingin ng dalaga, may ideya siya kung sino ang nasa likod nito. Akala pa naman niya ay naging maingat siya, paano siya nakita nito? Damn him!



Mabigat ang ulo ni Amanda at nakakasilaw ang liwanag na tumatama sa kanya.

Itinabing niya ang braso sa mga mata para takpan mula sa sinag ng araw. Umuungol siyang umikot sa kama. Ano ba ang nangyari, bakit parang ang bigat-bigat ng katawan niya? Hindi lang iyon, parang pakiramdam niya ay ang tagal-tagal na niyang natutulog.

She snuggled more comfortably in her sheets.

Wala siyang klase ngayong araw kaya puwede siyang matulog nang matagal. Report, isang painting

at tanging tutorials lang sa *Great Minds* ang nasa schedule niya. Niyakap niya nang mahigpit ang unan at napakunot-noo siya. Matigas ang unan na yakap niya at mainit din ito.

Dahan-dahan niyang ibinukas ang inaantok na mga mata.

Her eyes met strong, lean, tanned chest... napamulat siya nang tuluyan. Lumipad ang tingin niya sa mukha ng lalaking may-ari ng dibdib.

His deep-set eyes were closed, his outrageously long dark lashes fanning his cheeks. His strong jaw was arrogantly set even in his sleep, at arogante ring tingnan ng aristokratong ilong nito.

Damn, the man was haughty even when sleeping.

Gumalaw ito at lalo pa siyang hinapit palapit. Doon niya napagtantong nakapulupot ang braso nito sa kanyang baywang, at nakadagan sa kanyang mga hita ang matipunong binti nito sa ilalim ng kumot. Iyon ang dahilan kaya parang ang bigat ng katawan niya. His whole body was practically draped on her!

May isa pa siyang napagtanto.

Nanlaki ang mga mata niya, nag-init ang mga pisngi. She could feel almost every inch of his warm flesh against her own.

Pinilit niyang ibaba ang tingin para makita ang katawan at napasinghap siya sa tumambad sa kanya. She was practically naked with nothing but a sheer silk sando and lace panties! Doon napigtas ang pasensya niya.

“Dammit, Edward Cervantes! What in the world did you do?” Itinulak niya ito nang malakas palayo sa kanya. Hindi iyon naging madali, his arms were possessively tight around her waist. “Dammit! Let go!” tili niya habang hinahampas ito sa braso.

“What the hell!” paos ang boses na bulalas ng binatang naalimpungatan sa pagpipiglas niya. Lalo niyang nilakasan ang hampas dito. “Ano ba! Dammit, Amanda, that hurts!” Mabilis nitong nahawakan ang mga kamay niya para tumigil siya sa paghampas dito.

“You beast! ano’ng ginawa mo sa akin?” Patuloy siyang nagwawala kahit nakulong na ng binata ang mga braso niya. She kept struggling, she tried kicking him but his powerful legs trapped hers beneath him.

“Stop struggling! You’ll hurt yourself!” sigaw nito.

“Hurt myself?” she snarled. “Ikaw ang nananakit, walanghiya ka!” Patuloy siya sa pakikipaglaban upang makawala, pero nanatiling dominante ang posisyon ni Edward.

He trapped her under his weight. His hands pinned her arms above her head while his legs forced hers to remain still.

Tinitigan niya ito nang matalim.

Pareho silang malalim ang paghinga dahil sa matinding paggalaw. Ang mga mukha nila ay ilang sentimetro lang ang layo sa isa’t isa, Amanda could feel his hot breath on her lips. Muling nag-init ang pisngi niya at iniwas ang tingin dito. Bigla, naging conscious siya sa posisyon nila.

Mas malala ito kaysa kanina paggising niya. Ngayon dahil sa paggalaw, umakyat ang silk sando niya sa ilalim ng kanyang dibdib. She could feel him everywhere, the hard muscles of his torso crushing her soft chest, his powerful thighs trapping her legs, their hot skin started getting damp where they touched. Nagsisimula na siyang mahilo dahil doon.

“Is this the way to greet your fiancé?” sabi nito sa nagpipigil na boses. Lumipad ang tingin ni Amanda rito.

“You are *not* my fiancé!” buong-diin niyang tanggi.

Tumawa lang ito nang pagak.

“Yeah, right.” Sarkastiko ang lalaki. “Keep telling yourself that. Alam mo, Amanda, may mga bagay na kahit gaano mo itanggi ay hindi magbabago. Stop daydreaming and accept the truth.”

Naningkit ang mga mata niya. “I am not daydreaming, you asshole! Let go!” Muli niyang sinubukang magpumiglas pero bigo siya. It only created more friction, thereby, creating more heat between their already hot bodies.

Edward gritted his teeth. He pushed his body harder against her, sending her deeper into the soft mattress.

“Keep doing that and I won’t guarantee what will *not* happen.”

Kontroladong-kontrolado ang boses nito. Ilang segundo ang kinailangan ni Amanda bago maintindihan ang ibig nitong sabihin. At nang maintindihan niya, nanlaki ang kanyang mga mata at namula siya nang todo. She could feel his hard manhood just above the sensitive part of her body.

Tumigil siya sa pagtatangkang kumawala mula rito. Marahas na humigit ng hangin ang binata pagkatapos ay muli itong nagsalita.

“You are daydreaming and you are wasting your time,” singhal nito. “Dalawang taon na ang sinayang mo, Amanda, don’t you think it’s time to act mature? Don’t you think it’s time to go back and accept reality?”

“I am not wasting my time—”

“Oh, really?” Malamig ang boses nito pero nakakasunog ang mga matang nakatitig sa kanya. “Then pray tell, what have you been doing these last two years?” Iyon ang tipo ng tanong na ito rin mismo ang sasagot.

“N’ung unang taon mo rito sa Maynila, nag-enroll ka sa Human Kinetics, you tried dancing for six months then what? Nagpalit ka ng course at Journalism ang inaral mo, pero pagkatapos ng isang taon ay nag-shift ka naman sa Creative Writing at ngayon Fine Arts student ka. You were course-hopping, Amanda! Nakaapat na course ka na sa loob lang ng dalawang taon! Ngayon, sabihin mo sa ‘kin na hindi ka naglalaro at di ka nagsasayang ng panahon.”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Buong akala niya, nagawa niyang makapagtago sa pamilya niya nang maglayas siya, pero heto si Edward, sinasalaysay ang two-year biography niya sa Manila.

Gaano katagal na nitong alam kung nasaan siya?
“How did—”

Muli itong humugot ng hangin. “Come on, Amanda, sa tingin mo ba hindi ka namin mahahanap? Wala ka pang one month sa Manila ay alam na namin kung nasaan ka.”

Lalo siyang naguluhan. Kilala niya ang kanyang pamilya; kung alam na ng ama niya kung nasaan siya, hindi ito magdadalawang-isip na kaladkarin siya pabalik sa Palawan.

“Then why didn’t you drag me back sooner?” di-makapaniwalang tanong niya. His hazel eyes bore into hers, it was so intense she was sure she would start melting.

“Ano sa palagay mo, Amanda?” he said drily.

Muling nanlaki ang mga mata niya at bahagyang umawang ang mga labi. Muli, marahas na nagpakawala ng hininga ang binata, pagkuwan ay marahan nitong dinikit ang noo sa kanyang noo.

“I told your father to give you time. You keep forgetting, Andy, I know you better than anyone else.”

Napalunok ang dalaga, 'Andy' ang palayaw nito sa kanya mula pagkabata. Muli niyang iniwas ang tingin dito.

"But you can't keep doing this," he continued, his hot breath fanning her lips. "Stop being selfish and think of your family."

Kinagat niya ang labi. Naramdaman niya ang pamumuo ang emosyon sa lalamunan.

"Alam mo, Edward, akala ko rin ikaw ang taong totoong nakakakilala sa 'kin." Matapang niyang hinarap ang mga mata nito. Bahagya itong natigilan, naramdaman niyang nag-tense ang katawan nito. "But somewhere along the way, that changed; somewhere you stopped understanding the real me."

"Really?" Bumalik ang yelo sa boses ng binata. "Kung totoo 'yan, sino na ang nakakaintindi sa 'yo ngayon?" Naging matalas ang tono nito. "Si Eric Ortega?"

"Eric has nothing to do with this!" madiin niyang tangi.

"He better not," he said through clenched teeth. The possessiveness in his voice made her cheeks burned. Muli, iniwas niya ang tingin dito.

Ilang segundo rin silang natahimik, tangi ang kanilang paghinga ang maririnig sa loob ng kuwarte. Amanda could feel his intense eyes on her, tracing and absorbing every inch of her face. Pakiramdam niya, nasa loob siya ng sauna dahil sa init ng pakiramdam.

"I missed you," she heard him whispered hoarsely. "I missed you so damned much." Dahan-dahan, ibinaba nito ang mukha sa kanyang leeg. "You don't know how much will power it took to stop me from snatching you and dragging you back to Palawan." Naramdaman ni Amanda ang pagdampi ng mainit nitong labi sa

kanyang balat. Slowly, she felt the tip of his tongue tasting her skin. Hindi niya napigilan ang pagsinghap. “You don’t know how much I wanted to do this every freaking day...”

“Edward, stop...” utos niya pero walang sapat na puwersa ang kanyang boses.

When she felt his teeth bit her soft flesh, his tongue soothing and sucking the bite, she was already lost.

Napaungol siya nang maramdaman ang isang kamay nito sa kanyang hita. Hindi niya namalayan na binitiwang pala nito ang kanyang mga kamay.

His big warm hand skimmed the smooth flesh of her thigh, sending delicious shivers through her body.

“Edward...” she moaned, ang mga kamay niya ay kusang pumulupot sa ulo at balikang binata. Tila wala sa sariling nasuklay ng kanyang mga daliri ang madulas nitong buhok, ang hita niya ay parang may sariling isip na kumawit sa balakang nito. He groaned at that movement.

Marahan nitong kinagat-kagat ang kanyang panga habang ang isang kamay nito ay naglandas sa kanyang katawan. She gasped when his hand slipped inside her sando and cupped her breast. She bit her lip as his thumb gently rubbed her hard peak while his palm massaged her soft breast in a lazy circular movement.

Pinagalaw niya ang mga kamay mula sa leeg ni Edward. She slid her hands from his shoulders to his chest, lightly scrapping his hard muscles with her fingernails. Nang marinig ang pag-ungol ng binata, napangiti siya.

She skittered her hand down his abdomen, ibinaba niya ang labi sa leeg nito at marahan itong kinagat. She quickly licked the bite then suckled it. Marahas na napaungol ito.

Bahagya nitong itinaas ang mukha mula sa kanyang leeg para titigan siya. His hazel eyes were dark and smoky with desire.

Napatitig siya sa mga labi nito; they looked as soft and as firm as she remembered. Unconsciously, she licked her lips. Itinaas niya ang mukha para hulihin ang labi nito.

Edward more than willingly obliged. Hindi ito nagsayang ng oras, he invaded her mouth with urgent passion. Napasabunot ang isa nitong kamay sa kanyang buhok, niyakap siya para halikan nang mas mariin.

He savored every inch of her mouth, every corner of her soft lips. Hinawakan nito ang baba niya at itinaas ang kanyang mukha para mahalikan siya nang mas malalim. He tasted her thoroughly, making her remember just how good it felt to be kissed by him, making her question her sanity for leaving him these last two years.

Rumagasa sa kanyang katawan ang mga pamilyar na sensasyon; ang pagsabog ng nakakabulag na liwanag, ang nakahihilong bilis ng tibok ng kanyang puso, ang nagbabagang apoy na natutunaw at naiipon sa kanyang kaibuturan; bumalik ang lahat ng ito at parang malaking alon na humampas sa kanya.

Bumaba ang kamay nito sa kanyang leeg, sa kanyang balikat, sa kanyang dibdib papunta sa kanyang baywang at balakang. She gasped again when she felt his hand caressing her inner thigh, then travelled slowly toward her center, the tips of his fingers lightly brushed her core through her thin underwear.

Napaungol siya at lalong dinikit ang katawan dito. Nalulunod siya sa mga sensasyon na ipinadadama nito sa kanya.

Walang anu-ano ay isang matinis na tunog ang

nagpatigil sa kanilang mainit na tagpo. Ringtone iyon ni Amanda.

Humihingal na naghiwalay ang kanilang mga labi. Bahagyang lumayo ang katawan ng binata sa kanya para abutin ang kanyang cellphone na nakapatong sa side table.

Naningkit ang mga mata nito nang makita kung sino ang tumatawag. Akala niya ay ibabato ng lalaki ang aparato, pero kalmado lang nitong pinasa iyon sa kanya.

Si Eric ang tumatawag. Mabilis siyang nahimasmasan at muling nagbalik sa kasalukuyan ang kanyang wisyo.

“Oh, my gosh!” Napabalikwas siya ng bangon. May tutorials nga pala siya ngayon! Lalo siyang nataranta nang makita ang oras sa cellphone.

Alas tres na ng hapon, dapat kaninang ala una pa siya nasa *Great Minds*. Edward was staring at her with a cold expression on his handsome face. Napaupo siya sa gilid ng kama saka tinanggap ang tawag. Mabilis siyang gumawa ng excuse sa kanyang utak.

“Eric! I’m sorry! I overslept, and I’m not feeling well kaya hindi ako nakapunta sa center. Sorry talaga!” pagsisinungaling niya.

Lumapit si Edward sa likuran niya, ipinulupot ang mga braso sa kanyang baywang, at hinila siya palapit sa katawan nito. Lumipad ang tingin niya sa binata, pero binaba na nito ang mukha sa kanyang balikat.

“It’s okay,” narinig niyang sagot ni Eric. Napakagat-labi siya nang simulang dampian ng halik ni Edward ang kanyang balikat. “Dumating na si Joan, nag-alala lang sila dahil hindi ka tumawag o nagpasabi kaya tinawagan din nila ako. How are you feeling now?” patuloy nito, may pag-aalala sa tinig pero hindi iyon

pumasok sa utak niya.

Edward was already creating havoc on her senses. One of his hands was teasing the sensitive skin of her inner thigh while the other was fondling her breast. Umakyat ang labi nito sa leeg niya, then to her ear, he bit her earlobe, drew it inside his mouth, then suckled it.

Hindi niya alam kung paano niya napigilan ang pag-ungol.

“Amanda? Are you still there?”

“Yes,” she said breathlessly, hindi niya napiglang ihilig ang ulo sa balikat ni Edward and when he squeezed her breast lightly, muli niyang kinagat nang mariin ang pag-ibabang labi. “I’m still... here.”

“Okay, uh... I guess you’re really not feeling well. Uminom ka na ba ng gamot? You don’t sound good. Do you want me to come over and help you out?”

Napasinghap siya nang pumaloob ang kamay ng binata sa kanyang underwear. Napahawak siya nang mariin sa braso nito para pigilan ito, pero walang silbi. Effortlessly, his fingers made their way to her core, then proceeded to lazily stroke her wet folds. Mariin niyang pinikit ang mga mata.

“I’m okay...” nagawa niyang sabihin. “I’m just having... a bad... fever... but... I’m okay.” Mabilis niyang tinakpan ng isang kamay ang kanyang bibig para pigilan ang paglabas ng isang impit na sigaw dahil sa seduction na ginagawa ng lalaki.

Nagsasalita ulit si Eric pero hindi na niya marinig, she couldn’t hear, couldn’t feel, couldn’t see anything but Edward.

When his thumb started softly rubbing the apex of her desire, lightning coursed inside her, the building liquid fire erupted and she blew it.

“Eric! I’ll call you later, I have to go!” With that, marahas niyang pinatay ang cellphone. Napahawak siya nang mariin sa bedsheets sa gilid ng kama at di na niya napigilan ang pagsigaw.

Kahit kailan hindi pa niya naramdaman ang ganitong bagay. Para itong lava na rumagasa sa buo niyang katawan... mainit, nakakasunog, marahas na tinupok ang lahat ng nadaanan hanggang sa wala na siyang maramdaman, wala nang makita, wala nang maisip, sa loob ng ilang sandali ay tila naparalisa siya.

Marami na silang ginawang intimate na bagay ni Edward noon, pero ito ang pinakamasidhi.

Dahan-dahan, kumalma ang apoy; dahan-dahan, naglinaw ang kanyang pag-iisip. Malalim ang paghinga, tila pagod na pagod siya nang imulat ang mga mata. Sa kanyang likod, naramdaman niya ang mabilis at malakas na pagtibok ng puso ni Edward.


Mariin niyang pinikit muli ang mga mata at hinayaang sumandal ang katawan sa dibdib nito. Makaraang ang ilang sandali ay umalis ito mula sa kanyang likuran.

Hinalikan siya nito sa noo.

“May damit sa closet.” Normal na ang boses nito nang magsalita. “Get dressed in an hour, we need to shop for your clothes for tonight.”

Walang lakas si Amanda para sumagot. Nahihilo pa rin siya, nanghihina sa mga nangyari. Muli siyang nitong dinampian ng halik sa noo at sa labi, pagkuwan ay tumayo na ito at lumabas ng kuwarto.

Ilang segundo na itong nakalabas ng kuwarto, pero nakatitig pa rin siya sa pinto. Unti-unti, nagbalik ang pamumula sa kanyang pisngi. Nasapo niya ang noo at napaungol na binagsak ang katawan sa kama.



“Stop sulking, Amanda,” saway ni Edward habang nagmamaneho ito ng kotse.

“Bakit ba kailangan ko pang pumunta?” Pinanatili niyang nakapako ang mga mata sa labas ng bintana. Nakasimangot ang maganda niyang mukha.

“Let me refresh your memory since mukhang nakalimutan mo na. It’s called socializing. Kasosyo ng kompanya si Mr. Castañeda. It’s imperative that we attend the charity event he organized. Dahil hindi makakarating ang papa mo, ikaw ang representative niya.” Tumawa siya nang maiksi at binalingan ito ng tingin.

“Di ba ikaw na ang representative ng buong kompanya? Bakit kailangan ko pang sumama? Nobody needs me there.” Nakita niyang napatikhim ito, obvious na nauubusan na ng pasensya sa kanya.

“Fine, then you’ll go as my date.”

“Oh, great!” Amanda said drily. “Ngayon, gagawin mo ‘kong dekorasyon para iparada d’on. Thanks but no thanks.”

He inhaled sharply, then said through his teeth, “I need you there, Amanda. Your family needs you. Ikaw lang ang nag-iisang anak ng mga magulang mo; they really missed you a lot.”

Iniwag niya ang tingin dito at tumigas ang expression ng kanyang mukha.

“Hindi *ako* ang kailangan ng pamilya ko, ang kailangan nila ay tagapagmana. They need someone who will take up Business Management, someone who will run the hotel business along with you, someone who will expand it, someone who will live only for the company. That’s what they need.”

“Napakalaking kasalanan ba ang bagay na ‘yon? Is what you’re doing better than that?”

“Siyempre kasalanan ‘yon! And of course what I’m doing is better!” giit ni Amanda. Marami pa sana siyang sasabihin pero huminto na ang sasakyan.

“We’re here.” Tinanggal na nito ang seat belt, mabilis din niyang tinanggal ang kanya. Hindi niya hinintay na pagbuksan siya ng lalaki ng pinto. He looked at her exasperatedly.

Hindi niya pinansin si Edward at nagmartsa na siya papasok sa boutique.



“I want this,” tukoy niya sa suot na backless long gown. Very revealing din ang tabas ng black, sleeveless, lycra gown; it had a V neckline that dropped low between her breasts. The soft fabric clung to her breasts and hips then flowed freely below her knees.

Sinulyapan lang siya ng isang beses ni Edward pagkatapos ay binalik ang pagbabasa ng magazine. Nakaupo ito sa isang couch sa labas ng fitting room.

“No,” simpleng sagot nito.

“Why not?” demand niya.

“It’s too revealing.” Tinaasan niya ito ng kilay.

“Come on, Edward, this looks really nice on me.”

Muli niyang tiningnan ang repleksyon sa salamin. Mula sa full-length mirror, nakita niyang tumayo ang binata at lumapit sa kanya.

“What’s the matter? Hey!” Nagulat siya nang pumasok ito sa munting silid at biglang isinara ang kurtinang nagsisilbing takip sa bilugang fitting room. “What in the world are you doing?” she hissed.

“Demonstrating the reasons why you can’t wear this.” Pinagdikit nito ang mga katawan nila at hinawakan siya sa likod. Naramdaman niya ang mainit nitong palad sa kanyang balat at hindi niya napigilan ang pamumula. The memories of what they did a while ago came rushing back to her. She turned ten shades redder. Nagtaas ito ng kilay.

“See?” Dinala ni Edward ang bibig sa kanyang tainga at lalo siyang hinapit palapit. “There’s dancing tonight, Andy,” bulong nito. Tila nanghina ang tuhod niya sa init ng hininga nito, subalit pinilit niyang maging matatag sa pagkakatayo. “Okay lang kung ako lang ang kasama mo, pero imposibleng hindi ka makipagsayaw sa iba. Do you really want their filthy hands on your naked skin?” His hand started moving lower on her back. Napalunok siya. Damn, nahihilo na naman siya sa mga sensasyon!

“Isa pa...” Marahan siya nitong hinarap sa salamin, masuyong hinaplos ng mga daliri ang kanyang leeg at balikat. “Hindi mo ba napansin?” May pilyong kislap sa mga mata nito. “You didn’t cover my love bites properly, they’re showing in this dress.”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Bigla siyang

napalapit sa salamin at tiningnan ang leeg at balikat. Doon lang niya napansin na tama nga ito. The hickeys were visible in closer scrutiny. Near-sighted kasi siya kaya di niya kaagad napansin.

“Now, do you still want to wear it?” Nakangiti na ang binata. She glared at him.

“Fine,” she grumbled, saka tinulak ito palabas ng fitting room.

Sa huli, isang classic black gown with sleeves ang pinili niya.



Amanda Romualdez hated parties. Simula pagkabata, mas pipiliin niyang magpuyat sa panonood ng mga cartoons sa TV kaysa sumama sa mga night parties ng mga magulang niya. They bore her to death. Kung wala lang si Edward na lagi niyang katabi baka humilik na siya sa mga parties na dinadaluhan niya noon.

Napabuntong-hininga siya habang pinagmamasdan ang mga tao mula sa veranda. Ang gaganda ng mga damit ng mga ito, ang mga alahas ay nagkikinangan. Nagtatawanan, nagkukuwentuhan, nagtsitsismisan at nagpaplastikan ang mga ito sa loob ng napakarangyang bulwagan.

Muli, bumuntong-hininga siya. Dalawang taon din siyang nakalayo sa mga parties na tulad nito, at proud siyang sabihin na hindi niya ito na-miss kahit kaunti. Napadako ang tingin ni Amanda sa kanyang date; kausap nito si Mr. Castañeda, isa sa mga bagong investors ng *Romualdez and Cervantes Corp.*

Three years ago, nang mag-retire si Mr. Armando Cervantes at nagsimulang maging aktibo si Edward sa management, he proposed to expand their hotel and

resort business into transportation. Since kailangang sumakay ng lantsa bago makarating sa isla, bakit hindi rin nila pasukin ang ganoong negosyo? Habang wala pa silang malaking kompanya na kakompetensya, dapat daw nilang sunggaban ang pagkakataon. Umayon ang kanyang ama sa nais ng binata.

Edward hired the locals who were already in the business. Naging mas organized ang transportation system sa *Bisucay Island* at sa mga kalapit na isla sa Cuyo; dahil doon, dumami rin ang mga turista.

Mr. Castañeda was very fond of Edward because of the charitable and humane streak in the way the lad ran the business. Kaya hindi nagdalawang-isip ang milyonaryong don na mag-invest sa kanila. Dahil sa malaking investment na iyon, nagkaroon ng malaking capital ang binata para mag-expand. Ngayon, sa loob lamang ng tatlong taon, nagawa na nitong palaguin ang dami ng kanilang mga hotels at resorts. They had hotels in practically all famous beaches in the country.

Sa edad na beinte-cinco, masasabing malayo na talaga ang narating ng binatang Cervantes. Hindi napigilan ni Amanda ang pagsilay ng isang matamis, pero malungkot na ngiti sa labi.

This was his world. The glitz, the money, the fame, the world of the rich and powerful... dito nabibilang ang kanyang kababata.

He stood out but nevertheless, blended harmoniously in this circle. Iniwas niya ang tingin kay Edward na kasalukuyang nasa loob ng hall.

Tumalikod siya sa bulwagan at itinukod ang mga kamay sa barandilya ng terrace. Tumingala siya sa langit at ipinikit ang mga mata. Since they were kids, he was already sure of what he wanted.

Eh, siya? Ano ba ang gusto niya? Saan ba dapat siya? Kung hindi ito ang lugar na gusto niya, saan ba ang lugar niya? Saan ba niya matatagpuan ang kanyang sarili?

“You might catch a cold here.”

Narinig niya ang boses ng kababata mula sa pinto ng veranda. Naglakad ito palapit sa kanya. Hinayaan niyang yakapin siya nito mula sa likuran. Sa kung anong dahilan, wala siya sa mood na makipagtaló.

“Bored?” tanong nito.

“To the point of dying,” exaggerated niyang sagot. Marahan itong tumawa at niyakap siya nang mas mahigpit.

“Thirty minutes or so, puwede na tayong umalis.” Hinalikan siya nito sa sentido.

Pumailanlang ang isang mabagal na tugtog mula sa bulwagan.

“Dance with me.” He turned her toward him, took her hands to wrap them around his neck, then pulled her by the waist.

“We’re not dancing, Edward,” tukso niya. “We’re merely hugging each other.”

“Who cares?” kubit-balikat nito. Their bodies swayed softly into the song, she rested her face against his chest.

“Edward?” tawag niya matapos ang ilang sandali.

“Hmm?”

“You’re bringing me back to Palawan, right?” Nagtense ang katawan nito. Sapat na iyong kumpirmasyon. “Give me time to file for leave of absence.”

“Bakit pa? You’re not going back here,” matigas ang boses na tugon nito. Hindi niya ito pinansin.

“Dalawang araw lang ang kailangan ko. After that, sasama ako sa ‘yo.” Hindi ito umimik, tinanggap niya


iyon bilang pagsang-ayon.

Hindi na ulit nagtanong si Amanda. For some reasons, ayaw niyang sirain ang payapang sandali sa pagitan nilang dalawa. Ipinikit niya ang mga mata at ninamnam ang sandaling kasama ang binata. How long has it been since they danced like this? Gaano katagal na ba mula nang huli silang pumuslit sa isang party para tumakas sa sarili nilang mundo?

Marahan siyang ngumiti.

Siguro, kahit papaano, na-miss din niya ang mga parties na ganito.





“Kailan ang balik mo?” nag-aalalang tanong ni Joan nang sabihin ni Amanda ang tungkol sa kanyang pag-alis. Ibinalik niya ang huling libro sa shelf saka hinarap ang kapwa tutor. Alas seis na ng hapon, nakauwi na ang lahat ng tutee nila at nagliligpit na sila ng mga gamit.

“Good for two semesters ang nai-file kong leave of absence, pero babalik ako as soon as I can.”

“Paano ‘yung painting mo sa APP? This week na ang pasahan n’on, makakarating ka ba para ipasa ‘yon?”

Tumango siya. “Yup, mapapasa ko ‘yon. By hook or by crook, ipapasa ko ‘yon,” ngiti niya sa kaibigan.

“Are you sure?” Tinaasan siya ni Joan ng kilay. “Eh, wala ka pa ngang nasisimulan!”

Pinandilatan niya ito ng mga mata. “Oy, excuse me! May nasimulan na ‘ko pero hindi ko pa nga lang tapos.”

“Oo, sampu na nga ang nasimulan mo na hindi mo natapos, eh. Seriously, girl, tapusin mo na ‘yan at ipasa mo na.” Lumabi si Amanda. “Anyway, nasabi mo na ba kina Ma’am Cecile na aalis ka?” tukoy nito sa

may-ari ng tutorial center. Lumapit siya sa lamesa na kinapapatungan ng bag niya.

“Yup. Kahapon pa ‘ko nakapagpaalam. May ni-recommend na rin akong ipalit para kasama mo.”

Tumango ang kausap bago muling nag-usisa. “Ano ba’ng nangyari? Bakit ka biglang uuwi?”

“Family emergency,” simple niyang sagot.

“Yeah, yeah, fine,” Joan said, rolling her eyes. “Ayaw mong sabihin, di huwag.” Nakangiting kinurot niya ito sa tagiliran. Tumawa lang ang kaibigan.

“Amanda!” Napalingon sila sa pinanggalingan ng tinig. Nakita nilang humahangos na tumatakbo si Eric palapit sa kanila. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat. “Bakit ka aalis? Dahil ba sa pangungulit ko? I swear titigilan na kita!” he said in a panicky voice.

Nailing na lang siya sa binata, kahit kailan talaga ang OA nito.

“Siyempre hindi ikaw ang dahilan, engot,” she said in mock irritation.

“Then why?”

“Ay naku, Eric! ‘Wag mo nang tanungin, alam mo naman ‘yan, the Queen of Secrets,” sabad ni Joan habang nagre-retouch ng makeup.

“It’s a family emergency, pinapauwi ako ng papa ko.”

“Bakit? May nangyari ba sa papa mo?”

“Eric, ano ba? Ang hina mo rin talaga makakuha ng hint, ‘no!’ Magkahalong amusement at exasperation ang mahihimigan sa tono ng babae. Isinara nito ang compact face powder at inilagay sa bag.

“What?” naguguluhang sabi ng lalaki. Joan rolled her eyes.

“Tena, Amanda, iwan mo na ‘yan. Halika na.” Hinila

siya ng kaibigan palabas ng *Great Minds*.

“No kidding, Amanda, bakit nga?” Patuloy silang sinundan ng binata habang naglalakad papuntang gate. Pagkalabas ng tarangkahan, napasipol si Joan nang makita ang nakaparadang raven black *Jaguar* na nakahimpil sa tapat ng center.

“Wow, what would I give to ride that?” anito. Napasipol din si Eric samantalang si Amanda ay napapikit nang mariin. Gaya ng kanyang inaasahan, lumabas ng kotse si Edward at naglakad papunta sa kanila.

Matalim niya itong tinitigan.

“Let’s go, Andy,” he said in that silky voice of his. Masuyong hinawakan pa siya nito sa braso. Nakangangang napatingin sa kanya ang dalawang kasama. Pangiwing ngumiti siya sa mga ito.

“Wow, *Andy!*” Rinig na rinig ang panunukso sa boses ni Joan. “Baka naman gusto mo kaming ipakilala sa iyong *friend*.” Pilya ang ngiti ng babae. Ibinaling niya ang matalim na tingin dito. Bago pa siya makapagsalita, naunahan na siya ni Edward.

“Sorry for my bad manners,” nakangiti nitong paumanhin na halos ikinatunaw ng kaibigan sa kinatatayuan. “I’m Edward Cervantes, Amanda’s—”

“Childhood friend,” mabilis niyang agaw rito. He gave her a dry look, pero hindi ito nagprotesta.

“You mean childhood sweetheart,” nakangising sulsol ni Joan. Bumalik ang makalaglag-panty na ngiti ng binata. Muli niyang binalingan ng masamang tingin ang kaibigan, pero nagkibit-balikat lang ito.

“You must be Joan,” sabi ng kababata. “I’ve heard a lot about you from Amanda.”

Mahinhing tumawa ang babae.

“Yes, I’m Joan, and this is Eric, marami ka rin bang narinig tungkol sa kanya?”

Hindi nawala ang ngiti sa labi ng kababata. “No, I’m afraid not. Amanda never talked about him, that’s how she is with people she doesn’t like.”

Bigla, natahimik silang lahat.

Gusto niyang pandilatan si Edward. Magaling talagang mang-asar ang kababata kapag gusto nito. Bago pa ito magsasabi ng iba pang kasinungalingan, muli niya itong tinapunan ng masamang tingin saka sinabi sa matigas na tinig,

“Edward, mauna ka na sa kotse, susunod na lang ako.”

Without breaking the smile, he said, “Sure.” Bago pa siya makapag-react, dinampian siya nito ng halik sa sentido saka lumakad palayo. Huminga siya nang malalim at binalingan ang dalawang kaibigan.

“Eric, sorry about that. Hindi totoo ‘yung sinabi niya.”

“He’s jealous.” nakangising banat ni Joan. Tila hindi sila narinig ni Eric, mukha itong pinagsakluban ng langit at lupa.

“Eric, ‘wag kang maniwala sa sinabi niya, hindi totoo ‘yon,” alo niya sa binata, malungkot siyang tiningnan nito.

“Of course I know that, silly,” sabi nito. “I know you’re not that type of person.” Napakunot-noo siya.

“Eh, bakit mukha kang depressed?”

Umikot ng mga mata nito. “Of course I’m depressed! Ngayon alam ko na kung bakit ayaw mo sa ‘kin. It’s obvious that you have something with him. And it’s obvious that I can’t fight against it, not in a hundred years.” As usual, exaggerated ito.

“Childhood friends lang kami,” she said

exasperatedly. Nagtinginan lang sina Eric at Joan pagkatapos ay pareho siyang binigyan ng nang-uuyam na ngiti.

“Yeah, sure,” sabay na sabi ng dalawa.

“It’s true!” protesta ni Amanda pero di siya pinansin ng mga ito.

“Sige na, Ate, hinihintay ka na ng *childhood friend* mo.” Mabilis siyang hinalikan ng kaibigan sa pisngi. “Ingat, text ka, ha? See you soon.” Binalingan na nito ang lalaki. “Eric, since ‘andito ka naman, ihatid mo na ‘ko.” Nagkibit-balikat lamang ang binata.

“Sure.” Ibinalik nito ang pansin sa kanya. “Bye Amanda, ingat. Keep in touch.” Malungkot pa rin ang hitsura nito. Naglakad ang dalawa palapit sa kotse ng binata. Tinungo na rin niya ang sasakyan ni Edward.

“That was a rude and childish act you did back there, Edward,” bungad niya pagkapasok ng kotse. “At ano pa’ng alam mo tungkol sa buhay ko rito? Lahat ba ng kaibigan ko ay pinaimbestigahan mo? How did you know about Joan?” usisa niya, may halong iritasyon at akusasyon ang boses.

“Concerned lang kami sa ‘yo, Amanda. Gusto lang naming makasigurong hindi ka mapapaligiran ng masasamang tao.” Binuhay nito ang makina at pinaandar ang *Jaguar*. Napakuyom ang kamay niya.

“Concerned? What about trust?” Hindi niya napigilan ang kaunting panginginginig ng boses.” Tingin n’yo ba, napakabobo ko para hindi malaman kung sino ang dapat kong kaibiganin?”

“That’s not what we mean—”

“Then what? What do *you* mean?” she spat. “You trust me but you can’t trust the world? Bullshit! Ano ngayon ang gagawin mo? Protect me from the world all

my life? Stop treating me like a kid, dammit!”

“Well, maybe I will if you stop acting like one!” he roared.

Mariing napapikit si Amanda at naiinis na ibinaling ang tingin sa bintana ng kotse at nagmasid sa labas. Wala silang imikan hanggang sa makarating sa airport.



“You’re making me nervous,” narinig niyang sabi ni Edward nang nakaupo sila sa assigned seats nila sa eroplano. “You’re not resisting, you didn’t pull any stunt, sumama ka sa ‘kin nang walang angal... what are you playing at?” Seryosong tinitigan siya nito. Hindi niya ito nilingon, pinanatili niya ang tingin sa labas ng bintana ng eroplano.

“Well, sorry to disappoint you,” nang-uuyam na sagot ni Amanda. “Ganoon talaga ang buhay, Edward; hindi lahat ng akala mo mangyayari ay nangyayari. You can’t account for everything, you know.”

Bahagyang naningkit ang mga mata nito.

“Maybe,” he said darkly. “But I can assure you one thing though; kung ano man ang plano mo, kalimutan mo na. I won’t let you run away again this time.” Muli, hindi na sila nag-imikan hanggang sa makarating sa destinasyon.

Dumating sila sa *Cuyo Airport* nang pasado alas nueve ng gabi. Nagulat si Amanda sa nakitang pagbabago sa lugar. Bago siya maglayas, nagsisimula na ang mga pagbabago sa bayan ng Cuyo, pero sa kabuuan, the *Cuyo Islands* she left two years ago were still a sleepy fishing village, malayong-malayo sa lugar na sumalubong sa kanya ngayon.

Nandoon pa rin ang matandang simbahan na itinayo noong panahon ng mga Kastila, ang fort at

ang mga lumang bahay. Pero ngayon, kahit saan tumingin, makakakita na ng souvenir shops, antique stores, jewelry stores, bar and restaurants, at fastfood chains. Kung dati pulos tricycle lang ang umiikot sa mga kalsada, ngayon ay mayroon na ring taxis na pumapasada sa buong isla.

May nakita rin siyang mga banyaga na naglalakad sa mga daanan na noong bata pa siya ay nilalakaran niya. Pero aspaltado na ito ngayon, wala na ang cobblestone street na kilala niya. Nadaanan ng kotse nila ang dating canteen kung saan sila kumakain ng favorite niyang lato, isa iyong tipo ng seaweed na mukhang maliliit na ubas na kinakain nang hilaw. Lagi silang kumakain noon kapag pumupunta sila dito sa bayan. Ngayon, isa nang computer shop ang dating canteen.

“Nang maitayo ang resort at hotel natin last year dito, this place started becoming a hot tourist spot,” pagbibigay ng impormasyon ni Edward kahit na hindi siya nagtanong. “Dahil sa success ng negosyo natin, nagtayo na rin ng resorts ang ibang mga kompanya. Soon enough, nagsulputan na ang mga establishments na ‘yan. It gave the people better and varied employment opportunities. There was even an *SM* mall being built in the eastern part of the town.”

Tumango lang siya habang matamang pinagmamasdan ang bayang kinalakihan at ngayon ay hindi na makilala.

They had a private boat waiting for them at the pier. Inabot sila ng quince minutos bago makarating sa *Bisucay Island*. Doon, may sasakyan nang naghihintay sa kanila para ihatid sa bahay ng mga Romualdez.